10-6

Republic of the Philippines
# Department of Education

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

**Tanggapan ng Kalihim**
*Office of the Secretary*

JUN 16 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 180 , s. 2005

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2005

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2005 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2005 na pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang paksa ng pagdiriwang sa taong ito ay *"Wikang Filipino: Simbolo ng Kultura at Lahing Pilipino"*.

2. Hinati-hati sa sumusunod na paksa sa bawat linggo ang isang buwang pagdiriwang:

| | | |
|---|---|---|
| Agosto 1-7 | - | Wikang Filipino: Kasangkapan sa Preserbasyon ng Kultura |
| Agosto 8-15 | - | Wikang Filipino: Instrumento ng Pagkakaisa at Pagkakaunawaan |
| Agosto 16-22 | - | Wikang Filipino: Bigkis ng Lahing Pilipino |
| Agosto 23-31 | - | Wikang Filipino: Simbolo ng Pambansang Pagkakakilanlan |

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim
Officer-in-Charge

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sangunian: Memorandum Pangkagawan Blg. 247, s. 2004
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

Sheila, MPPD-TS, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2005
June 10, 2005

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 180, s. 2005)

Wikang Filipino: Simbolo ng Kultura at Lahing Pilipino

Agosto 1-7 Wikang Filipino: Kasangkapan sa Preserbasyon ng Kultura

1. Pagdaraos ng programa na nagpapakita ng mga tampok na kultura ng buong bansa. (sayaw, awit, atbp.)

2. Pagdaraos ng eksibit na nagpapakita ng katutubong kasuotan ng iba't ibang rehiyon – na ang deskripsyon ay nakasulat sa orihinal na wika ng rehiyon na may salin sa Filipino.

Agosto 8-15 Wikang Filipino: Instrumento ng Pagkakaisa atPagkakaunawaan

1. Pangangalap at pagtalakay ng mga kaugalian ng Pilipino.

2. Paghahanda/Paggawa ng sulatin na tumatalakay sa paksa sa linggong ito.

Agosto 16-22 Wikang Filipino: Bigkis ng Lahing Pilipino

1. Paggawa ng portfolio ng mga bayaning Pilipino na may maikling talambuhay – mga nagawa.

2. Role – play/pagsasadula ng tungkol sa paksa

Agosto 23-31 Wikang Filipino: Simbolo ng Pambansang Pagkakakilanlan

1. Pagdaraos ng talakayan tungkol sa paksa ng Buwan ng Wika.

2. Pagdaraos ng talakayan/debate sa isyu ng "Pagkakaroon ng National ID" ng mga Pilipino.

fcdc